Nobyembre-Disyembre 2012
Light Reading pahayagan ng kostumer

Mula sa superintendente

Noong Hulyo, inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ng Seattle ang anim-na-taong estratehikong plano ng City Light. Ang plano ay nagpapahintulot sa palingkurang-bayan na gawin ang mga pagpapabuting dati ay naantala. Ito ay nakakabenepisyo sa mga kustomer sa pamamagitan ng pagtiyak na patuloy nilang tatanggapin ang abot-kayang, maaasahang kuryente.

Ang mga pamumuhunang ito ay nangangailanan ng taunang pagtaas ng humigit-kumulang 4.7 porsiyentong bayarain para sa pangkaraniwang residensyal ng kustomer, simula Enero 2013. Ito ay magdadagdag ng bayarin na humigit-kumulang $ 2.90 sa isang buwan o $ 34.86 bawat taon.

Para sa maraming customer, ang pagtitipid ng enerhiya ay makatutulong sa pagbaba ng gastos sa elektrisidad. Mayroon kaming impormasyong makatulong sa inyong pagtipid ng enerhiya at pera sa website na ito: www.seattle.gov/light/conserve/.

Ang City Light ay mayroon ding programa para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa kanilang mga bayarin. Upang malaman kung kayo ay kwalipikado, bisitahin ang www.seattle.gov/UDP, mag-email sa UDP@seattle.gov, o tumawag sa 206.684.0268. Dagdag dito, ang aming Project Share na programa ay nagbibigay ng dagdag na tulong. Kumuha ng karagdagang impormasyon sa website na ito ww.seattle.gov/light/help/share/ o tumawag sa 206.684.3000.

Kung kaya ninyo, mangyaring isaalang-alang ang pagsusuporta sa Project Share sa pamamagitan ng pagbili ng 2013 kalendaryo ng City Light na $10 bawat isa, kung saan ang malilikom dito ay gagamitin sa mahalagang programang ito. Ang kalendaryo ay nagtatampok ng mga nanalong *artwork* ng mga mag-aaral mula sa aming Shrinking Bigfoot na patimpalak ukol sa pagtitipid ng enerhiya.
Ang mga kalendaryo ay lalabas na sa huling bahagi ng Nobyembre. Mag-order online: www.seattle.gov/light/contest/; Bumili sa City Light North at South Service Centers, o sa Visitors Center ng palingkurang-bayan, na nasa *downtown*, o maghanap ng isang order form sa inyong bill sa Nobyembre-Disyembre.

Salamat!

Tip mula sa Tagapayo sa Enerhiya

Sa panahon ng taglagas at taglamig, ang protektahan ang inyong tahanan laban sa lamig *(weatherizing)* ay isang madaling paraan upang manatiling kumportable, at magpapababa ng inyong mga bayarin sa elektrisidad: pikpikin ang mga bintana, Lagyan ng *weather stripping* ang pintong palabas ng bahay, at mag-insulasyon sa *attic* at mga pader. Maaari kayong maging kwalipikado para sa mga diskwentong pang-insulasyon sa pamamagitan ng programang Community Power Works ng Lungsod ng Seattle. Bisitahin ang www.communitypowerworks.org para sa impormasyon.

May katanungan tungkol sa konserbasyon ng enerhiya? Tumawag ng Seattle City Light Tagapayo sa Enerhiya sa 206.684.3800, o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov.

Bagong mga pamantayan sa ilaw
Sa taon na ito, ang pamahalaang pederal ay simulang nag-phase out ng mga hindi episyenteng bombilya, simula sa 100-wat na bombilyang *incandescent*. Sa 2013, aalisin ang 75-wat na mga bombilya. Ang mga bombilya ng ilaw ay dapat hindi bababa sa 30 porsyento sa mas episyente.

Kabilang sa mga opsyon ng mas episyenteng pag-iilaw ang CFLs (compact fluorescent na bombilya) at LEDs (light-emitting diode). Bisitahin ang www.seattle.gov/twistandsave para impormasyon tungkol sa mga diskwento nito at iba pang mga pangabit na ilaw.

Bagong TV para sa mga *holiday*
Kung iniisip ninyong bumili ng *flat-screen* TV, piliin yung gumagamit ng mas kakaunting kuryente. Ang mga LCD TV ay mas episyente kaysa sa plasma, at isaalang-alang din ng laki ng *screen*. Ang isang 52-pulgadang LCD TV ay gumagamit ng halos dobleng kuryente kaysa sa 32-pulgadang modelo. Tingnan ang listahan ng mga episyenteng modelo at mga tindahan nito: www.energyefficientelectronics.org.

Panahon na ngayon ng bagyo
Maging handa sa pagkawala ng kuryente at iba pang emerhensiya sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng *Take Winter by Storm:* http://seattle.gov/light/twbs/.

Tulungan kami upang palaging makapag-abiso sa inyo ng mahalagang impormasyon ukol sa pagkawala ng kuryente sa pamamagitan ng pagbigay sa amin ng inyong *email address.* Hindi namin kailanman ibabahagi ang inyong *e-mail;* ito ay itinuturing na bahagi ng impormasyon ukol sa inyong *account* bilang kostumer. Pumunta sa www.seattle.gov/light/Accounts/cust_info.asp at ipasok ang inyong *email address,* kasama ng inyong *service address,* numero ng *account,* at numero ng telepono/*cell.*

Sa inyong purok: nagtatrabaho ang City Light
Nasa mga purok na ito ang mga tauhan, nagtatrabaho upang panatilihin ang inyong mga ilaw:
SODO: nililipat ang mga linya ng kuryente upang dagdagan ang kapasidad, at suplayan ng kuryente ang makinang pambutas ng lagusan;
- Harrison St./Aurora Ave. (silangan ng Seattle Center): binabatak ang kable upang ilipat ang mga linya;
- Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): pinapalitan ang mga nakabaong kable upang madagdagan ang kapasidad;
- First Hill: pinapalitan ang mga poste, pinalalakihan ang sukat ng kawad upang dagdagan ang kapasidad;
- Rainier View: naglalagay ng mga bagong vault, poste, at tubo upang maghanda para sa pagpapalit ng mga posteng kahoy, upang maging mas maasahan at lumaki ang kapasidad;
- Gatewood: pinapalitan ang linya ng kuryente upang dagdagan ang kapasidad;
- Pioneer Square: pag-aayos ng nakabaong imprastraktura, pagbabatak papasok ng bagong kable sa pagitan ng Cherry at Columbia sa First Ave.;
- Ambaum Way/Hurstwood at Innis Arden/The Highlands: iniineksyonan ng *silicone* ang nakabaong kable upang pahabain ang buhay nito.
Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at i-klik ang pulang *construction sign* para sa mga detalye.

Ligtas na pagtatabas ng mga puno

Ang taglagas at taglamig ang tamang panahon upang tanggalin ang tuyong kahoy, at mga sangang malamang ay mababali dahil sa niyebe, yelo o hangin. Bago kayo kumasundo ng isang tao upang pumutol ng mga puno, makipag-ugnayan sa City Light. Ididiskonekta ng aming mga tauhan ang linyang nag-uugnay ng inyong tahanan sa aming mga linya ng kuryente nang hanggang sa 12 oras - isang libreng serbisyo para sa mga kostumer ng City Light. Tumawag sa 206.386.1733 para sa impormasyon, at tandaan - mga kwalipikadong tagatabas ng puno lamang ang pinapayagang magtrabaho sa mga punong malalapit sa linya ng kuryente.